

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
BY ALEX SANTOS/RATSADA BALITA/DWIZ
June 18, 2020/6:36-6:45 A.M.

SANTOS: Sec. Martin good morning, sir. Maayong buntag.

SEC. ANDANAR: Good morning, Sir Alex.

SANTOS: Sec. kumusta po ang inyo pong preparations, dahil nga ho eh may utos ang ating Pangulong Duterte na kailangan ayusin na po natin para ho doon sa pagbabalik eskwela ho ng ating mga estudyante, lalo't blended learning nga ho ang sabi ng DepEd po 'no. Secretary, ano hong mga preparations po ang ginagawa ng PCOO?

SEC. ANDANAR: Tama iyong sinabi mo about radio. Noong mga nakaraang linggo ay hinahanda natin ang IBC para ito ay makatugon sa pangangailangan ng ating Department of Education. At the same time ang Philippine Broadcasting Service at iyong kanyang network nationwide kasama na rin iyong mga affiliated stations ay atin pong inihahanda. Pero alam mo, our radio stations are not enough kung pagbabasehan mo doon sa kanyang transmission port. So, mayroong mga options na either itaas iyong transmission power ng AM from 10K to 50K or nandoon din iyong option na mag-tap ng ibang mga radio stations para maabot iyong mga lugar na hindi naabot ng PBS.

Tomorrow mayroon kaming meeting with the entire IBC at PBS, inihahanda namin ang presentations para po sa perusal ng Department of Education. Ang work team is always in contact with DepEd.

SANTOS: Pero ang procedure para at least magkaroon man lang ng bird's eye view po ang atin pong mga listeners. Kung sa telebisyon, parang mayroon pong teacher, parang ganoon 'no, sir?

SEC. ANDANAR: Yes, sir tama ka. So, sa telebisyon, iyong magtuturo, teacher talaga; sa radio mayroon din at hindi puwedeng mayroong proxy, teacher talaga dapat ang magtuturo, kung Mathematics-Mathematics, English-English, Filipino-Filipino. Ito naman ay tutulungan, mag-a-assist ang PBS pagdating sa technical requirements.

SANTOS: Ayon. At kapag sinabi mong IBC at iyong ilang radio stations po ng PBS, will that be a preemption po ng mga programa po doon, sir, para bigyan po ng daan ang pagtuturo ho ng DepEd, sir?

SEC. ANDANAR: Pag-uusapan iyan ng pamunuan ng Philippine Broadcasting Service. Dahil alam naman natin na ang PBS ay mayroong mga frequencies available. Iyong RP Dos, for example, that is not available; tapos pagdating naman sa lalawigan ay ito rin po ay puwedeng pag-usapan.

SANTOS: At isa rin sa ano, Secretary, iyong sinabi po ng Pangulong Duterte, iyong pag-distribute daw ho ng mga transistor radios. Sa inyo rin po bang tanggapan po iyan, sir... kayo po ba ang responsibilidad dito, sir?

SEC. ANDANAR: Puwede rin naman, pero puwede rin itong manggagaling sa DepEd mismo. Kasi transistor radio lang naman iyan, nabibili naman iyan sa Divisoria, sa Binondo. Kung gusto ay orderin sa China, kasi malamang maramihan ang pag-order nito. Kumbaga, hindi na uso kasi iyong transistor radio eh. Pero in fact, mayroon nga ako sa tabi ng kama ko, mayroon akong transistor radio, AM, FM or shortwave.

Pero tama si Presidente dahil mayroong kamurahan ang transistor radio kung ikukumpara mo sa tablet or sa TV.

SANTOS: Opo. Para at least ito po ay magagamit na ho ng ilan po nating mga kababayan 'no doon po sa mga far-flung areas na at least maabot ho ng signal ho natin, sir.

SEC. ANDANAR: Tama, tama. Kaya mahalaga talaga iyong AM, Alex eh. Kasi iyong AM malayo ang mararating nito eh.

SANTOS: Secretary, with regards naman po sa usapin ng—ito maiba ho tayo with regards po ito sa press freedom, press freedom na nirereklamo ho ng ilan. Ano ba ho ang punto de vista dito ng inyo pong opisina at the same time ng Malacañang with regards po dito sa mga hinaing nila, sir?

SEC. ANDANAR: Well, ang punto de vista siguro ng korte, ang [garbled] na ang freedom of the press ay mayroong kaakibat iyan na responsibilidad. Kumbaga, your freedom [garbled] to those who protect the freedom of the other people.

Halimbawa, tayong dalawa mamahayag tayo, mayroon tayong nasaktan, mayroon tayong nasabi na libelous, both of us must be accountable and responsible to what we say. Kasi papaano naman iyong karapatan ng isang tao, hindi lang naman tayong dalawa ang may karapatan ditto, 110 million Filipinos mayroon karapatan, hindi lang iyong kakarampot na tao ang may karapatan.

Tapos ang sinasabi dito ay hindi immune ang mga journalist sa pagkakahabla o sa mga batas ng ating bansa. The law applies to everybody. Kung hindi nag-aapply sa mga journalist eh di lahat ng tao ay maging journalist na lang, di ba. Ganoon na lang siguro kukunin ng lahat, journalist ka para excused ka sa batas.

So, ganoon ho talaga iyon, kahit saan ka naman magpunta ay mayroon talagang responsibilidad ang bawat tao, whether ikaw ay journalist, whether ikaw ay isang pribadong individual, kung ikaw ay magsusulat, kung ikaw ay mag-i-slander ng tao ay puwede kang kasuhan. But you are given the due process at puwede mong sagutin, puwede kang kumuha ng abogado mo.

SANTOS: At sa kabuuang naman, sir, hindi naman lahat ng mga mamamahayag ang sinisikil ang kanilang kalayaan para sa pamamahayag. Dahil ang dami pa, lahat nagsasalita pa ngayon, maraming nagsusulat pa rin ngayon, talagang wala pong nangyaring pagsikil ho dito ng kanila pong karapatan.

SEC. ANDANAR: Eh ang sabi nga ni pareng Joel Egco ng Presidential Task Force on Media Security, ay bising-busy itong PRFoMs para iresolba itong pagkamatay nitong isang mamamahayag sa Damaguete. Eh bakit hindi nabibigyan ng pansin iyon, eh nagtatrabaho ang gobyerno para tulungan iyong pamilya noong namatay na mamahayag, iyong in-ambush pinatay doon sa Dumaguete.

Tapos itong isang isyu, iyong Maria Ressa lahat daw nakatutok. So, makikita mo talaga na mayroon talagang sarado na iyong utak na si Maria Ressa na iyong pinaka-god gift to journalism at iyon namang ibang mga journalist na naging biktima talaga ng mga summary execution at ginagawa ng gobyerno lahat para maresolba ang kaso pero unfortunately ay hindi po nabibigyan ng pansin.

SANTOS: Okay, sige po. Secretary, thank you so much for your time dito po sa DWIZ.

SEC. ANDANAR: Salamat, Alex.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau)